**SAMPOL,** sanggunian lamang ang pahinang ito

TANGGAPAN NG EDD PANGALAN
PO BOX
LUNGSOD, ZIP CODE SA CA

EDD Employment Development Department State of California

**Mga Numero ng Telepono ng EDD**

| | |
|---|---|
| Ingles: | 1-800-300-5616 |
| Espanyol: | 1-800-326-8937 |
| Cantonese: | 1-800-547-3506 |
| Mandarin: | 1-866-303-0706 |
| Vietnamese: | 1-800-547-2058 |
| TTY: | 1-800-815-9387 |

Pangalan ng Claimant
Address na Pangkoreo ng Claimant
Lungsod, Estado, Zip Code ng Claimant

Petsa ng Pagpapadala:
Para sa Opisyal na Paggamit Lamang:

# Notipikasyon ng Panayam Hinggil sa Pagiging Karapat-dapat sa mga Benepisyo ng Seguro sa Pagkawala ng Trabaho

---

## Bakit ako nakatanggap ng abisong ito?

Natukoy ang isang potensyal na isyu sa pagiging karapat-dapat sa iyong claim na Unemployment Insurance (UI) na inilalarawan sa susunod na pahina. Ikaw ay naka-iskedyul para sa isang panayam sa telepono upang magbigay ng impormasyon sa isang kinatawan ng EDD. Gagamitin ng Kagawaran ang impormasyong ibibigay mo upang malaman kung maaari kang mabayaran ng mga benepisyong UI. **Kung hindi ka makakapanayam sa telepono, gagawa ng desisyon batay sa impormasyong mayroon na, na maaaring magresulta sa pagkakatanggi ng mga kabayaran ng benepisyo.**

**___________________ sa pagitan ng _______ at _______ Oras sa Pasipiko**

Tatawagan ka ng kinatawan ng EDD sa sumusunod na numero. Makukuha ang mga serbisyo sa pagsasalin sa wika nang walang bayad.

________________

## Ano ang dapat kong asahan sa panayam?

Tatanungin ka tungkol sa iyong claim. Makikita sa likod ng abisong ito ang mga halimbawang tanong. Maging handa sa pagsagot sa mga tanong na ito sa panahon ng panayam. May karapatan kang humiling ng higit pang panahon upang maghanda, magsumite ng ebidensya, magharap ng mga saksi, at katawanin ng sinumang tao na magiging sarili mong gastos. Kung kailangan mo pa ng panahon, kailangan mong muling ipa-iskedyul ang iyong appointment bago ang oras at petsang nakalista sa form na ito. Ang muling pagpapa-iskedyul ng iyong panayam ay maaaring magpaantala sa mga kabayaran sa iyong benepisyo dahil nai-iskedyul ka na sa pinakamaagang appointment.

Maaari kaming makipag-ugnayan sa mga dating employer o iba pang mga saksi upang maberipika ang iyong mga pahayag o makuha ang impormasyon. Maaaring hindi kami sumang-ayon sa anumang mga pahayag o ebidensyang ibibigay nila.

## Paano maaapektuhan ng panayam sa pagiging karapat-dapat ang aking mga kabayarang benepisyo?

Kung hindi ka kailanman nakatanggap ng kabayaran sa iyong claim at nagkaroon ng potensyal na isyu sa pagiging karapat-dapat, hindi maaaring bayaran ang mga karagdagang benepisyo hangga't hindi nakukumpleto ang proseso ng panayam at napagpasyahan ang iyong pagiging karapat-dapat. Patuloy na magpasertipika para sa mga benepisyo ay isumite ang iyong mga sertipikasyon nang biweekly online sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng koreo habang nireresolba ang isyung ito.

Kung nakatanggap ka ng kabayaran sa iyong claim, ngunit nakabinbin ang mga karagdagang kabayaran ng mahigit dalawang linggo dahil sa isang isyu sa pagiging karapat-dapat, ipoproseso namin ang iyong kondisyonal na kabayaran. Kung patuloy kang magsesertipika para sa mga benepisyo habang pinagpapasyahan namin ang iyong pagiging karapat-dapat, ang anumang kondisyonal na kabayaran ay isasaalang-alang bilang labis na kabayaran kung sa kalaunan ay natagpuan naming hindi ka karapat-dapat sa mga benepisyong iyon.

Upang muling ipa-iskedyul ang iyong appointment, i-update ang numero ng iyong telepono, o magpasertipika para sa mga benepisyo, gamitin ang UI Online[SM] sa **edd.ca.gov/UI_Online** o tawagan ang isa sa mga walang bayad na numerong nakalista sa itaas.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano iniaangkop ng EDD ang batas at patakaran upang pagpasyahan ang pagiging karapat-dapat, tingnan ang Gabay sa Pagpapasya ng Benepisyong UI sa **edd.ca.gov/UIBDG**.

## Mga Tagubilin sa Panayam sa Telepono

Sa oras ng panayam sa telepono, maaaring itanong sa iyo ang ilan sa mga sumusunod na katanungan.

**Tandaan:** Magdedepende ang mga taong sa dahilang iniskedyul ka para sa panayam sa telepono.